

Si Madelene Sta. Maria at ang Sikolohiyang Pilipino: Pakikipanayam sa isa sa mga Kauna-unahang Iskolar na Bumatikos sa Nasabing Intelektuwal na Kilusan

***F.P.A. Demeterio, III
Leslie Anne L. Liwanag
Patrick James A. Ruiz***

Abstract: The more than forty years of existence of Sikolohiyang Pilipino (SP) has spurred various researches among experts and scholars who followed the ideology of the intellectual movement in different disciplines. However, substantial debates and critiques emerged without any resolution up to the present time. Nevertheless, it is clear with the volume of discussions even after the death of SP's founder, Virgilio Enriquez, that the intellectual movement continues to capture the interests and inspire researchers not only for the development of SP, but also for the wider range of discourses in the social sciences. With the objective of enriching the discourse of SP, this paper delved into the critical and controversial perspective of the psychology professor Dr. Madelene Sta. Maria.

Keywords: Enriquez, Salazar, Sta. Maria, Filipino Psychology

Introduksyon

Nagsimula ang proyektong ito sa isang hindi inaabuhang pag-uusap nina Dr. Madelene Sta. Maria, Dr. Feorillo Demeterio III, Bb. Leslie Anne Liwanag, at Bb. Monica Policarpio, sa isang sangay ng Jollibee sa Lungsod ng Vigan, habang nag-aabang ng kanilang masasakyang bus pauwi sa Maynila, isang maulang gabi ng Mayo 2016. Naikuwento ni Sta. Maria ang kanyang naging disertasyon sa Pamantasan ng Cologne, Alemanya; dito binatikos niya ang Sikolohiyang Pilipino (SP), pati na ang

naging reaksyon ng itinuturing na ama ng SP na si Dr. Virgilio Enriquez (1942-1994). Sanhi ng nalikhang kontrobersiya ng kanyang disertasyon, hindi na niya ito lubusang nailathala dito sa Pilipinas. Sa kanyang binalak sanang tatlong artikulo mula sa kanyang disertasyon, isa lamang ang kanyang nailathala.

Nang mag-umpisa ang ikatlong termino ng taong akademiko 2015-16 sa Pamantasang De La Salle (DLSU), bilang propesor sa araling Pilipino, naging mag-aaral ni Demeterio si G. Patrick James Ruiz na may malalim na interes sa mga makabayang intelektuwal na kilusang nabuo sa Pamantasan ng Pilipinas Diliman (UPD) noong mga dekada 70 at 80: ang SP, ang Pantayong Pananaw (PP) ni Dr. Zeus Salazar, at ang Pilipinolohiya ni Dr. Prospero Covar. Kaya napagpasyahan ni Demeterio na bumuo ng isang proyekto para mabalikan ang reaksyon ni Sta. Maria sa SP bilang isa sa mga kauna-unahang pagbatikos sa nasabing intelektuwal na kilusan. Isinama ni Demeterio sa binubuong kolaborasyon si Liwanag dahil nandoon ito noong unang napag-usapan ang paksa sa Lungsod ng Vigan, kakilala din ni Liwanag si Sta. Maria, at kabisado niya ang iskedyul ng nasabing propesor. Mag-aaral sa programang masterado sa kasaysayan si Ruiz, habang mag-aaral naman sa programang doktorado sa araling Pilipino si Liwanag.

Si Virgilio Enriquez at ang Sikolohiyang Pilipino: Nagsimula ang pagging akademiko ni Enriquez bilang guro sa sikolohiya sa UPD. Simula noong 1965, ginamit na niya ang wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo. Iginawad sa kanya ng Pamantasang Northwestern, Illinois, ang doktorado sa panlipunang sikolohiya noong 1970. Pagbalik niya sa UPD, inumpisahan niyang itatag ang mga prinsipyong isang intelektuwal na kilusang kalaunang makikilala bilang SP, na minsang tinatawag ding "Sikolohiyang Mapagpalaya." Noong 1975, inorganisa niya ang Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino.

Para sa kanya, isang sistematiko at siyantipikong pagsusuri ng mga Pilipino sa Pilipinong "sikolohikal na konstitusyon, lipunan at kultura" ang SP.¹ Bukod sa pagging hindi sapat at hindi tugmang konstrak ng mga kanluraning sikolohikal na modelo sa pag-unawa sa diwang Pilipino, naniwala si Enriquez na instrumento ito ng kolonisasyon. Habang nilikha ng mga modelong ito ang dispalinghado at baluktot na kaalaman ng mga Pilipino tungkol sa kanilang sarili at sa kanilang mundo, itinutulak pababa ng kanluraning sikolohiya ang mga Pilipino sa kumunoy ng kolonyal na dominasyon.

Ipinangako ng SP ang iba't ibang mapagpalayang gawain. Una, sa pagbalang ng atensyon ng sikolohiya sa Pilipinas papunta sa

¹ Virgilio Enriquez, *Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Manila: De La Salle University Press, 1994), 27.

50 SIKOLOHIYANG PILIPINO

“pagpapahalaga at paggamit sa taal na kaalaman,” mapapalaya ang sikolohiya sa Pilipinas mula sa hegemonya ng mga kanluraning teorya.² Pangalawa, sa mas lubusang pagkilala ng sikolohiya sa Pilipinas sa Pilipinong identidad, mapapalaya ang diwang Pilipino mula sa kolonyal na *inferiority complex*. Pangatlo, sa pagbaba ng sikolohiya sa Pilipinas sa antas ng kulturang popular, mapapalaya ang mga Pilipinong kapus-palad mula sa kanilang pang-ekonomiko, kultural, at politikal na pagkaka-api.

Kinilala ni Enriquez ang ilang paksang maaaring suriin ng mga tagasunod ng SP: ang sikolohiya ng mga laro, kabataan, pagkain, pakikibaka, ang iba’t ibang antas ng pakikitungo sa kapwa, tradisional na panggagamot, anting-anting, literatura, sining, “at iba pang aspekto ng gawaing popular at pambayan na nagpapahayag ng natatanging kamalayan o natatanging kairalan.”³ Binigyang-diin niyang dapat angkop sa “mga kultural na katangian ng mga Pilipino” ang lokal na metodo ng pananaliksik.⁴ Kaya, sa halip na basta na lamang sundin ang mga kanluraning *protocol* sa pananaliksik, iminungkahi niyang gamitin ng mga lokal na mananaliksik ang kasunod na taal na metodo ng pag-aalam: “pagtanong-tanong..., pakikiramdam..., panunuluyan..., at pakikipamuhan...”⁵

Noong 1994, pumanaw si Enriquez sa sakit na kanser sa edad na 55. Nag-iwan ng hindi lamang maraming tagasunod sa kanyang postkolonyal na proyekto, kundi pati Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, isang formal na organisasyon, at ang Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, isang sentro ng pananaliksik.

Si Madelene Sta. Maria: Ipinanganak si Marie Madelene Avila sa Maynila noong 1957. Nakamtan niya ang kanyang batsilyer sa sikolohiya, cum laude, noong 1980, at kanyang masterado sa sikolohiya, noong 1985, sa UPD. Taong 1985 nang naging full time na guro siya sa DLSU. Sa pamamagitan ng isang iskolarsyip mula sa Konrad Adenauer Stiftung, nakapunta siya sa Alemanya para makapag-aral sa programang doktorado. Doon niya nakilala ang kanyang naging asawang si Basil Sta. Maria, isang musikerong Portuges-Malaysiano. Iginawad sa kanya ng Pamantasan ng Cologne ang doktorado sa sikolohiya noong 1993. Sa kasalukuyan, isang full professor si Sta. Maria sa Departamento ng Sikolohiya sa Pamantasang De La Salle, at Direktor ng Research Ethics Office ng nasabing pamantasan. Nakatuon ang kanyang mga pananaliksik sa larangan ng panlipunang sikolohiya, lalo na sa mga paksang may kinalaman sa tunggalian at kapayapaan, kaunlarang pantao, pagbibinata at pagdadalaga. Isa siyang

² Enriquez, *Colonial to Liberation Psychology*, 28.

³ Lily Mendoza, *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities* (Manila: UST Publishing House, 2006), 64.

⁴ Enriquez, *Colonial to Liberation Psychology*, 27.

⁵ *Ibid.*

fellow ng Psychological Association of the Philippines, at kasapi sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Si Zeus Salazar at ang Pantayong Pananaw: Sa aktwal na pakikipanayam nina Ruiz at Liwanag, ilang beses nababanggit ang pangalan ni Salazar kaya minabuti ng papel na paglaaman siya ng sapat na espasyo sa introduksyon pa lamang. Ipinanganak si Salazar sa Tiwi, Albay noong 1934. Iginawad sa kanya ng Pamantasan ng Paris ang kanyang doktorado sa etnolohiya noong 1968, at nagkaroon siya ng mga espesyal na pagsasanay sa Pambansang Paraalan sa mga Buhay na Wikang Oryental sa Paris, sa Malayang Pamantasan ng Berlin, at sa Pamantasan ng Leiden. Pagbalik niya sa UPD bilang propesor sa kasaysayan, binuo niya ang diskurso ng PP, o ang diskurso tungkol sa mga Pilipino, na ginawa ng mga Pilipino para sa mga Pilipino at para sa pagpapatatag ng bansang Pilipinas.

Kung itinuring ni Enriquez ang SP bilang isang kontra-diskurso laban sa mga kanluraning teoryang sikolohikal, natagpuan ng PP ni Salazar ang kanyang diskursibong katapat sa tinatawag ni Salazar na “pangkaming pananaw.” Ang mga historyografiya nina Teodoro Agoncillo (1912-1985) at Renato Constantino (1919-1999) ay masasabing napapabilang pa rin sa pangkaming pananaw gayong matingkad ang kanilang pagiging postkolonyal sa kadahilanang nababahiran pa rin ng malay o hindi malay na pagnanais na magsulat tungkol sa mga Pilipino at kulturang Pilipino para sa mga Ingles at kanluraning mambabasa, gayundin para sa kanilang inaakalang unibersal na mambabasa.⁶

Pundasyunal na estratehiya ni Salazar ang pagpapatalsik sa naghari-hariang presensiyang Euro-Amerikano sa mga diskurso ng mga Pilipino tungkol sa kanilang sarili. Sa presensiyang ito, maaaring nasa anyo ng aktwal na pananaliksik ng isang Euro-Amerikanong iskolar tungkol sa Pilipinas o kaya sa mas laganap na proseso ng simpleng paggamit ng mga Pilipinong iskolar ng mga Euro-Amerikanong teorya. Gayundin sa mas banayad pa at hindi malay na intensyon ng iba pang mga Pilipinong iskolar na makuha ang atensyon ng mga Ingles na mambabasa. Ang Pilipinolohiya ni Covar ang ang humarap sa unang nabanggit na anyo ng presensiyang Euro-Amerikano; habang ang SP naman ni Enriquez ang humarap sa pangalawang nabanggit na anyo; at ang PP ni Salazar ang humarap sa ikatlong nabanggit na anyo.

Para sa kanya, ang malay o hindi malay na pagnanais ng mga Pilipinong iskolar na makuha ang atensyon ng mga Ingles na mambabasa ang nagpuwersa sa mga iskolar na gamitin ang mga Euro-Amerikanong kategorya at teorya sa pag-aaral ng mga Pilipinong reyalidad. Hindi na nila namamalayang sa paggamit ng mga Euro-Amerikanong kategorya at teorya,

⁶ Ramon Guillermo, “Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw,” in *Kyoto Review of Southeast Asia*, 3 (March 2003): <<https://kyotoreview.org/issue-3-nations-and-stories/exposition-critique-and-new-directions-for-pantayong-pananaw/>>.

52 SIKOLOHIYANG PILIPINO

nagdulot ng kahinaan sa kanilang mga diskursong nagreresulta sa pagiging dispalinghado at baluktot sa kanilang nabubuong kaalaman. Kapag tinanggap ng isang Pilipinong iskolar na dapat sa umpisa pa lamang para sa mga Pilipino at sa pagpapatatag ng bansang Pilipinas ang gagawing diskurso, magiging mas madali at mas makabuluhang para sa kanya ang anomang pag-aaral sa iba't ibang aspekto ng mundong Pilipino sa kanilang sariling termino. Isinulat ni Lily Mendoza: "Kaya, iginiit niya (Salazar) na kaya ng mga Pilipino dumiskurso at makipagtalastasan nang malaya—sa kanilang sariling termino, sa kanilang sariling wika, gamit ang kanilang sariling hugis ng kaisipan at paraan ng pakikisalamuha, at higit sa lahat, habang isinaisip unang-unang ang kanilang sariling interes bilang mga Pilipino."⁷

Sa kasalukyan, nasa tuktok pa rin ng kanyang intelektuwal na katayuan ang 82 na taong gulang na si Salazar. Hawak pa rin niya ang organisasyong Bagong Kasaysayan at may pangmatagalang impluwensiya na sa isang henerasyon ng mga nakababatang iskolar. Sinabi ni Ramon Guillermo, hindi na ekslusibong gawain ni Salazar ang PP, kundi pati na nina "Jaime Veneracion, Nilo Ocampo, Ferdinand Llanes, Portia Reyes, Efren B. Isorena, Vicente C. Villan, Mary Jane Rodriguez-Tatel, Jose Rhommel B. Hernandez, O.P., Myfel Joseph Paluga, Nancy Kimuell-Gabriel . . . Atoy M. Navarro," at marami pang iba.⁸

Transkrip ng Pakikipanayam

Matapos planuhin ng research team, mula Mayo hanggang Hunyo 2016, ang daloy ng pakikipanayam at talaan ng mahahalagang tanong, isinagawa nina Ruiz at Liwanag ang dalawang aktuwal na pakikipanayam kay Sta. Maria sa kanyang tanggapan bilang Direktor ng Research Ethics Office ng Pamantasang De La Salle noong Hunyo 30 at Hulyo 20.

Ruiz: Kailan po ninyo nabatid ang SP?

Sta. Maria: *During my graduate school days at UPD. The first encounter with SP was actually while I was serving as a research assistant of Dr. Enriquez and Dr. Fumio Watanabe in their project on looking at analogous indigenous concepts in Japan and the Philippines. So ako, taga-listen lamang, I had no idea what they were talking about. Iyong parang, okay, so...Fumio was saying this and Enriquez was saying that. So, I really felt like very useless being there in front of them. But I also felt like I was in front of gods.*

⁷ Mendoza, *Between the Homeland and the Diaspora*, 93.

⁸ Guillermo. See Guillermo, "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw."

Liwanag: Noong naging *research assistant* po kayo ni Dr. Enriquez, ito ba ang unang pagkakataong makatrabaho ninyo siya?

Sta. Maria: No naman, *I knew Dr. Enriquez for a long time. But I never really participated in his researches before.*

Liwanag: Paano po kayo biglang naging *research assistant* ni Dr. Enriquez? Sino po ang nag-recommend sa inyo?

Sta. Maria: *I had a teacher, who was already my friend from my undergraduate years, because we were part of the UP Anthropological Society. When I shifted to psychology, he became my teacher, and he was part of the SP movement. Nasa movement siya, alam niya kung anong nangyayari, kasi nationalistic din iyon, hindi nag-iingles, nanggaling sa isang past na ganoon ang kanyang upbringing. Siya si Jobart, Jose Bartolome. He is now in GMA. He is actually influential in having that SP perspective in GMA programming. Mga Filipino values. If you look at the GMA's stories, pati iyong mga Korean series, they are really intentionally promoting Filipino values. Anyway, siya iyong nag-recommend sa akin. "Ikaw, mag-research assistant ka kay Dr. Benito Lim." Dr. Lim is a China expert. He is always interviewed about China. So, I researched under Dr. Lim, and then I became that "general research assistant." All of a sudden you are that assistant of everyone. So that was the root. That was how I got into the circle, and into graduate studies. Graduate studies had that kind of atmosphere: indigenization.*

Ruiz: Noon pong panahong iyon, nakiisa din ba kayo sa ideolohiya ng SP?

Sta. Maria: *No, because my adviser, who got his doctoral degree from the United States of America, was not into it and was even critical of SP.*

Liwanag: Ang inyong tagapayo po ba ang dahilan kung bakit naging kritikal din kayo sa SP?

Sta. Maria: *Siguro. I was not totally sold. I was not a true-blooded SP. Kasi, you know my background, private school. I entered UPD without knowing how to speak Tagalog, and was bitterly bullied because I could not speak Tagalog. You know how it is. You are talking like that and then, ganoon, iyong parang "get away." Gumaganoon iyong mga tao sayo. SP then was not very clear. I did not understand it very well. Most of my activities then were really with that particular professor who was a clinical psychologist, Dr. Edwin Decenteceo.*

54 SIKOLOHIYANG PILIPINO

Ruiz: Bakit po naging interesado pa rin kayo sa SP, kahit na hindi ito naging malinaw sa inyo noon?

Sta. Maria: *To look at psychology as it is actually happening to people around us, to ourselves. And that was not only SP, that was the trend of social sciences, especially in the area of social psychology. Because in social psychology, you talk about how people interact with each other, how people regard each other. And that is where the cultural aspect becomes very prominent. Personality, it is almost universal. Biology, it is almost universal. But how do we relate to each other? How do we see each other? How do we see the world? Doon na pumapasok iyong possible cultural differences. So sinabi na iyan ng mga social psychologists na medyo progressive at that time, '60s, '70s.*

Liwanag: Ano po ang dahilan ng pakikiisa ninyo sa SP noon?

Sta. Maria: *I was already interested in that, especially because I had friends. I was interacting with people who are already progressive. I also joined the activist movement but I left it when they started to ask me to swear into the movement.*

Ruiz: Paano po kayo natanggap sa Germany para mag-arat sa programang doktorado?

Sta. Maria: *I was in De La Salle University already. I was teaching already. Hindi pa ako nagtapos sa masterado, pero I was teaching already, parang part-time probationary. Then my teacher, Dr. Decenteceo, told me that I was having too much fun and he said: "You finish your master's na." So, I thought of an experiment, and finished it. After I finished my master's degree that was when you start to become more permanent at DLSU. Then there was that announcement from the Dean's Office about that scholarship in Germany. So, I tried to apply.*

Liwanag: Kumusta naman po ang iyong karanasan sa Alemanya bilang mag-arat?

Sta. Maria: *The German experience was exciting. Why was it meaningful even from the very start? Because I got the scholarship.*

Ruiz: Noong nakuha po ninyo ang iskolarsyip, ano ang naging kasunod ninyong hakbang?

Sta. Maria: *I went to Dr. Salazar. I sat down with him in the Faculty Center of UPD. On the second floor, there was a canteen, and if you enter there, you are like entering into a Parisian café, where all the intellectuals go. I said: "Sir, I am going to*

have a scholarship in Germany, where should I go? Under whom should I study? I want to truly contribute to Sikolohiyang Pilipino." Sabi niya: "You go to Dr. Eno Beuchelt (1929-1990), he is my friend, he was my classmate. He will know what to do with you."

Ruiz: Sino po si Dr. Beuchelt at ano ang kanyang field?

Sta. Maria: *Dr. Beuchelt was an ethno-psychologist. He was an anthropologist who looked and understood the psychology of the folk. Indigenous talaga.*

Liwanag: Paano po ang naging pag-uusap ninyo ni Dr. Beuchelt?

Sta. Maria: *So, in Germany, I went to Dr. Beuchelt, and he asked me: "Why are you here?" "Because Dr. Salazar sent me here." "Why?" "Because he said that I will learn from you." And then he continued: "What is your dissertation about?" "I want to write something about what is happening in the Philippines, indigenous psychology.*" Sabi ko: "I need to see your work." Natawa siya. Hindi ko naintindihan ang tawa na iyon noon. Pero, baka ang ibig niyang sabihin ay hindi man lang ako nag-research tungkol sa mga naisulat niya.

Liwanag: Paano po ang set-up ng konsultasyon kay Dr. Beuchelt?

Sta. Maria: Pipila ka talaga to see your adviser. Tapos kapag hindi niya gusto iyong trabaho mo, parang balewala ka. Ganoon. You are on your own. *But if the professor is interested in your work, you will be discussing the whole time. So, I had to show Dr. Beuchelt my work.*

Ruiz: Ano po ang naging komento ni Dr. Beuchelt sa inyong burador?

Sta. Maria: *For the first work that I gave him, he told me: "I don not see you here." I said to myself: "but that is the best kind of work I can give you."* Puro citation iyon. Ganoon tayo dito, hindi ba? Cite ka nang cite dapat. Sabi niya: "No, you have to show me where you are here." I asked myself: "What does he mean?" But eventually, I understood that I had to write my own ideas into my drafts.

Ruiz: Ganoon po ba ang estilo ng mga Aleman sa pananaliksik? Kailangang makita kung ano ang inyong sariling punto-de-bista tungkol sa isang paksan?

Sta. Maria: *That is Germanic. That is so Germanic. Kasi, in many works there is always this phrase "In my mind." You start the sentence with "In meiner Meinung."* But here you usually refer to "other minds," hindi ba?

56 SIKOLOHIYANG PILIPINO

Liwanag: Paano po ang paraan ng pagkuha ng mga kurso at *mentoring* sa Alemanya?

Sta. Maria: *There were courses that I had to take, but you choose your courses that would help in the writing of the dissertation.*

Ruiz: Ano po ang advice sa inyo ni Dr. Beuchelt?

Sta. Maria: Sabi niya: "Stop studying psychology." "What?" "You finished your psychology already! Stop!" "What will I study?" Sabi niya: "Go to Dr. Kurt Tauchmann. Ask him what you should read."

Liwanag: Sino naman po si Dr. Tauchmann at ano ang kanyang field?

Sta. Maria: *Dr. Tauchmann was an anthropologist. He was a Malayologist and also a friend of Dr. Salazar. And I had to see other professors. After so many weird readings and confusions, I decided to come back to the Philippines and do my data gathering on SP.*

Liwanag: Ano po ang nangyari noong bumalik kayo sa Alemanya?

Sta. Maria: *When I went back, I learned that Dr. Beuchelt had died. It was losing a father and I thought: "Where will I go from here?" But the university took care of me. They did not just leave me alone. Somebody had to come to Cologne from Trier to take care of Dr. Beuchelt's students: Dr. Hannes Stubbe, who was also an ethno-psychologist.*

Ruiz: Sino naman po si Dr. Stubbe?

Sta. Maria: *Dr. Stubbe is talagang true to life ethno-psychologist, and he took care of me. He was absolutely nurturing. But he did not know where to start because it was a different organism that I put in front of him. It was not even ethno-psychology. "What is this?" "It is Sikolohiyang Pilipino." If you are from the ethno-psychology perspective, that was not even ethno-psychology because you are not dealing with the folk.*

Liwanag: Nalaman po ba ni Dr. Salazar ang nangyayari sa inyo matapos ang pagkamatay ni Dr. Beuchelt?

Sta. Maria: *When Dr. Salazar found out that Dr. Beuchelt died, he came to Germany. He said: "Oh no, this girl is going to get lost." I told him: "I do not know where to start." Sabi niya: "Okay, what you are studying is part of history, and*

Sikolohiyang Pilipino is not divorced from that intellectual history. So, ang gagawin mo ay tingnan mo iyong intellectual histories ng iba't ibang disiplina sa Pilipinas."

Liwanag: Ano po ang ginawa ninyo batay sa payo ni Dr. Salazar?

Sta. Maria: Gumawa ako ng *history ng political science in the Philippines, history of anthropology in the Philippines, history of sociology in the Philippines*. Tapos nakita ko, paano nage-evolve iyong *ideas at contributions*. Tapos, iyon mismong *historical indigenization was happening in the social sciences*. Hinanap ko doon ang SP. Ipinakita ni Dr. Salazar ang *framework* sa akin.

Ruiz: Paano po nakatulong si Dr. Salazar sa pagbuo ng inyong disertasyon?

Sta. Maria: Nakita ko ang SP sa *anthropological perspective*. And I think, I got the viewpoint of Dr. Salazar. Kasi si Dr. Salazar is an anthropologist, historian-anthropologist. So, noong nag-uusap kami, pinapasulat niya ako ng mga 10 to 20 pages bawat dalawang araw. Kasi, he had to leave. He cannot stay there forever. He had to come back to the Philippines. He said: "Show me your work." Parang Beuchelt pa rin ang reaksiyon niya: "I do not see you." Ipinaliwanag ko na ang gusto kong gawin ay mag-contribute sa SP. Gusto kong mag-contribute sa pagpapalago ng isang agham na makakabuti sa atin. Hindi iyong babasa ako ng *social psychology*, tapos iyong *social psychology* na iyon ay tungkol sa mga Amerikano.

Liwanag: Ibig sabihin po ba ay may ilang puntos din ang SP na sinang-ayunan ninyo?

Sta. Maria: Tama din ang sinasabi ng SP, lalong-lalo na sa *social psychology*, dahil iyong mga *topic at theories at propositions at concepts* ng *social psychology* are truly coming from one culture. Romantic love, social facilitation...mga *concepts* ito na mahirap i-translate sa Tagalog. Paano natin magagamit itong mga teorya, *propositions*, at *concepts to understand ourselves, when in fact they are not about us? They are not about us at all. So, sometimes you are talking about a world to your students that the students probably will not know about. Indeed, it is about the individual, it is about the human experience, but you have to take into account that these are abstractions about human experience. So, you have to know how it is to be a friend to somebody. When you talk about friendship you cannot talk about friendship that is close to your experience without using our language.* Iyong Tagalog.

58 SIKOLOHIYANG PILIPINO

Ruiz: Gayong sumasang-ayon po kayo sa SP na hindi makabubuti sa mga Pilipino ang kanluraning babasahin, ano ang kritikal na bahagi ng inyong pananaw sa SP?

Sta. Maria: Batay sa sinabi ko kanina, tama naman ang SP. *But it is not SP that owns the license for this kind of thinking. It has already been talked about by non-western and western psychologists who have already criticized social psychology and the western cultural bias of social psychology.* Mayroon na talagang nauna. Ito iyong mga philosopher/social scientist na nakatuon sa *philosophy of social science*. At that time, mga 1970's o 1980's, pero hindi iyon itinuro sa amin.

Liwanag: Napagtanto po ba ninyo ito sa proseso ng pagbubuo ng inyong disertasyon?

Sta. Maria: Oo. *In the process!* Eh, si Dr. Salazar naman, *every other day I had to make 10 to 20 pages. I was getting crazy!* Anong sasabihin ko next? Tapos magkakape kami at sasabihin ni Dr. Salazar: *"Okay, okay...anong masasabi mo ngayon?"* *I would say:* "Alam mo, Sir, parang hindi siya disiplina. Siya ay isang kilusan, isang kilusan na inilagay dito sa Pilipinas, isang kilusan na hindi man lamang intelektwal."

Ruiz: Ano po ang ibig sabihin ninyo na ang SP ay "isang kilusang hindi man lamang intelektwal"?

Sta. Maria: Politikal ang SP. Hindi intelektwal. Kasi hindi tayo pinapaisip nito. Iyong parang *you are practically blind. They will just tell you "believe." They will just tell you "do it."*

Liwanag: Ganoon po ba ang sitwasyon noon na kapag nagsalita ka laban sa SP ay *outcast* ka na agad?

Sta. Maria: *When you start to say "pero, Sir ...,"* sasabihan ka agad ng iba ng "ay, huwang kang magsasalita kasi mahu-hurt ang feelings ni Sir (Dr. Enriquez)." So huwang na lang. *So, what was the next thing to do?* Gawin ninyo ito, gawin ninyo iyan. Iyon ang... *that was my experience with SP, and that was actually also experienced by others because there was no discussion.*

Ruiz: Ano po ang nangyari ng mga tagasunod ng SP nang mamatay si Dr. Enriquez?

Sta. Maria: *I think it is still going on among his students who are very strong advocates of his kilusan. They are still continuing it. They are still writing about it.*

Ruiz: Paano po ninyo natapos ang inyong disertasyon?

Sta. Maria: Guided ako ni Dr. Salazar. *He was there all the time. He told me to write and he said: "Ito na iyong sinasabi mo, dito ito patungo,"* Ganoon.

Liwanag: Mula doon nakita na po ba ni Dr. Salazar ang paninindigan ninyo tungkol sa SP?

Sta. Maria: Oo. *I was writing it already. Nakita niya doon pa lang sa unang-unang ginawa kong write-up. Naipakita ko sa kanya kung ano iyong semblance ng SP sa politikal na kilusan at sa intelektuwal na rebolusyon. How did things happen in psychology, in the general discipline of psychology? What were the critiques that emerged at that time? In psychology, the use of certain ways of measuring, of using items from one culture to another, were found to be not culturally valid. You cannot ask certain questions in a given culture if these items were constructed within a western perspective. Those were the issues that were already there. Then and there I realized that we should have started that movement a long time ago.*

Ruiz: Matapos po ninyo naihayag ang inyong kritikal na pananaw sa SP, ano po ang inyong naging reyalisasyon?

Sta. Maria: *I was realizing, for example, that in the 1980's, long before I went to Germany, when I was still doing my master's studies, the human development psychologists were already disillusioned or were already critiquing traditional psychological theories because of their cultural biases. These were great psychologists who were writing their theories without culture, without context. So, there were groups of psychologists, cognitive developmental psychologists, who decided to test the great psychologists' theories in other cultures. They found that there were certain cultural differences. So, they looked for other theories, and they found one in Russia about cognitive development. This is a long story ... but cultural perspective is important in psychology. But we never studied this.*

Liwanag: Ano po ba ang inilahad ng inyong disertasyon tungkol sa pagiging politikal ng SP?

Sta. Maria: *We were exposed to SP, but we did not know its basis. So, when you teach SP, what will you teach? You should be able to train students to see psychological phenomena within a given culture, or within the Filipino culture. Since you are studying psychology in the Filipino culture, how can you form knowledge if you do not know how to do that? You do not even know how to define "culture." You do not even know how it is to look at the phenomena as something cultural. So, that*

60 SIKOLOHIYANG PILIPINO

was the whole point. It should not be just kapwa, but what is kapwa? How do you define it? How do you study it? If it is a cultural phenomenon, how do you study cultural phenomena? Eh, ang problema, ginagawa nilang value.

Ruiz: Ano po ang naging hakbang ni Dr. Enriquez nang malaman niya ang tungkol sa inyong disertasyon?

Sta. Maria: *When I finished my dissertation, tumawag sa akin si Dr. Enriquez dito sa Department of Psychology ng DLSU. Kinausap niya ako: "Anong ginawa mo?"*

Liwanag: Paano po niya naunawaan ang inyong disertasyon gayong nakasulat ito sa wikang Aleman?

Sta. Maria: Kinuha niya ang aking *dissertation* at pina-*translate* niya sa asawa ni Kidlat Tahimik, kay Dr. Katherine de Guia. *Dr. de Guia is also an SP follower, and she is German. She probably got hold of my dissertation and read it.*

Ruiz: Iyong *translation*, na-reproduce po ba iyon, o para lamang ba iyon talaga kay Dr. Enriquez?

Sta. Maria: Para lamang kay Dr. Enriquez iyon. Nakalimutan ko na iyong exact words niya, *but in effect he was saying*: "Why did you criticize Sikolohiyang Pilipino? Why did you not talk to us first?" I said to myself: "Why should I talk to you? My critique was based on what has been written and published, based on documents."

Liwanag: Dapat po ba nagkaroon muna kayo ng panayam kay Dr. Enriquez?
Sta. Maria: Sabi ko sa kanya: "Sir, nasa Germany ako. Hindi ba dapat, Sir, ito na ang ginagawa natin sa Sikolohiyang Pilipino." I was very forceful in commenting further: "Why should we not do this kind of thing in Sikolohiyang Pilipino? Should we not examine it already? What are you trying to tell me? That I should not have re-examined it?" I tried to be very calm for I knew that he was already dead angry, so angry. And I knew the consequences of such anger to me in the movement. I felt it. But it did not matter to me.

Ruiz: Mula sa naging pag-uusap na ito, hindi po ba ninyo itinigil ang pagsusuri sa SP?

Sta. Maria: No. Tuloy-tuloy pa rin. There were people who were into that also, who had some sympathy for what I was doing. Mayroong mga taga-Philosophy Department ng UPD who would talk to me and ask me questions.

Liwanag: Sino po ang tumulong sa inyo para maipagpatuloy at mailathala ang ilang bahagi ng inyong disertasyon?

Sta. Maria: *I think the one who saved me from total damnation was Dr. Alfredo Lagmay (1919-2005). He is one of the fathers of psychology in the Philippines and a National Scientist. Dr. Lagmay told me: "Made, come here, you write your dissertation in an article. Write it and then present it. I will organize the people and you present your paper to them."*

Ruiz: Ano po ang nilalaman ng papel na hinalaw ninyo mula sa inyong disertasyon?

Sta. Maria: *I had to publish that particular paper, which is a very encapsulated form of my dissertation in the Layag Journal in 1996. Indigenization Crisis, that is the title of my dissertation, "The Crisis of Indigenization, was it Resolved in Sikolohiyang Pilipino?" Was it resolved in the end? Ang sabi ko: "No. It was not resolved, because Sikolohiyang Pilipino is a political movement and not a scientific discipline. Indigenization crisis was a crisis of scientific discipline, it was a crisis of a discipline that was western. Because globalization was already starting culturally, apektado kaagad iyong indigenization.*

Liwanag: Sa mga dating kaklase ninyo lang po ba naipresenta ang inyong papel?

Sta. Maria: *Some of them were my classmates; others were my teachers. So, saving grace, because they were my friends.*

Ruiz: Bago po kayo nakumbinse ni Dr. Lagmay, naisip ba ninyong mailathala pa ang inyong disertasyon?

Sta. Maria: Hindi. *But I wanted. Kasi sinabi ni Dr. Salazar sa akin na bawat chapter ng disertasyon ko ay dapat mai-publish. Pero dahil sa mga nangyari, ayaw ko na i-publish. Tatlong chapter iyon eh.*

Liwanag: Kapag babalikan natin, ano po ang pinakamithiin ng inyong nailathalang artikulo para sa SP?

Sta. Maria: *To be able to contribute to SP. I said to myself: "I am very clear about what SP is, but it is not what we want. It is not a discipline. If it were a discipline, then it should have the following components" I was very clear about that. I was not saying "let us use this dissertation to start over again." What I wanted to say*

62 SIKOLOHIYANG PILIPINO

was “let us start over again, let us read these people, let us examine culture, this is the way to study culture.” Ganoon sana. Pero hindi eh. Na-hurt si father of SP.

Liwanag: Kasama po ba si Dr. Enriquez doon sa presentasyon ng inyong papel?

Sta. Maria: *Dr. Lagmay organized my presentation at the Philippine Psychology Research Training House at UPD, that was where SP was housed, in the very home of Dr. Enriquez. So, he was there but not very mad at me anymore. After I read my paper, he said: “Twenty years of Sikolohiyang Pilipino, down the drain.” Then he left.*

Ruiz: How did you handle the situation, matapos po mag-walk out si Dr. Enriquez?

Sta. Maria: *Immediately after, eh hindi, wala nang nagtanong. Pero dahil hindi naman ako masyadong na-shock, sinabi ko: “Kayo na ang bahala. Sinabi ko lamang iyong dapat kong sabihin, ito iyong papel ko, ito iyong disertasyon ko. Kayo na ang bahalang tumimbang.” Sinabi ko sa sarili ko: “Hindi na ako ang responsible for whatever will happen.” What made it so fulfilling for me was that I followed what Dr. Lagmay, my father, said.*

Liwanag: Mayroon po bang mga sumangayon sa inyo at nagsulat tungkol sa kritikal ninyong pananaw sa SP?

Sta. Maria: *They wrote about it. Dr. Roberto Tangco, for example, in the Philosophy Department of UPD, started writing in a similar vein.*

Ruiz: Ano po ang gusto ninyong mabatid ng kabataang gustong pag-aralan ang SP?

Sta. Maria: *I think, it is a very legitimate kilusang. I think everybody should have that kilusang at heart. But they should know how to fulfill that other part which is the scientific discipline. Sabi ko nga sa disertasyon ko, iyong kilusang kailangan nandoon sa disiplina. Kasi mas malakas iyong kabilang, iyong mainstream psychology. Mas malakas sila. Publication pa lamang, talong-talo na ang SP. Dissemination pa, lalo na. Iyong mga conference ng SP, sila-sila lamang naman din ang nagsasalita. Pero kung pupunta na tayo sa ibang conference at sasabihing “we belong to SP.” The mainstream psychologists are very intelligent people in their respective fields of specializations. They will know when you are saying crap, but they would not tell it to you because they want to be culturally sensitive. But I had to be critical about SP.*

Liwanag: Nakapag-usap pa po ba kayo ni Dr. Enriquez bago siya pumanaw?

Sta. Maria: May tumawag sa akin sa *phone* dito sa *Psychology Department* ng DLSU, gusto daw kami ni Ms. Ma. Angeles Lapeña makita ni Dr. Enriquez. Isa kasi si Ms. Lapeña sa mga *protege* ni Dr. Enriquez. *I was wondering, bakit ako sasama sa kanya? Baka mapapagalitan na naman ako. But I was willing to take the risk*, kasi alam ko na malubha na ang sakit niya. Pumunta kami sa bahay niya, at nandoon na siya sa kama niya. Tumingin siya sa akin at nagsalita: “*I realized I was political.*” Sabi ko: “Sir ...” Pero pinaalis na kami ng nag-aalaga sa kanya dahil sobrang hina na niya. *Ms. Lapeña was crying; she was like a daughter to Dr. Enriquez.*

Liwanag: Habang ginagabayán kayo ni Dr. Salazar sa inyong disertasyón, napansin ba ninyo na naiiba ang kanyang pananaw sa pananaw ni Dr. Enriquez?

Sta. Maria: Yes. *I wanted to find out what was that thing between Dr. Salazar and Dr. Enriquez. I wrote a paper about them, “Kaisipang Salazar at Enriquez.” That is one of my favorite papers. I like that paper so much*, kasi nakita ko, kitang-kita ko, kung bakit sila nag-away. Mayroon silang *basic* na labanan. Ito iyong argument: Para kay Dr. Enriquez, ang mga Pilipino sa *diaspora* ay sakop pa rin ng SP, dahil taglay rin nila ang kulturang Pilipino; pero para kay Dr. Salazar hindi na sila sakop ng SP dapat, dahil wala na sa konteksto ng kulturang Pilipino. Iyon ang *bone of contention* nilang dalawa.

Ruiz: Sa pagbabad po ninyo sa mga teksto nina Dr. Enriquez at Dr. Salazar, ano ang inyong napagtanto bilang mananaliksik sa larangan ng sikolohiya?

Sta. Maria: When Dr. Enriquez died, I told Dr. Salazar: “You were basically saying the same thing. Why were you fighting each other?” But when I systematically analyzed their writings, using certain common categories as my markers, I saw their differences. The writings of Dr. Enriquez about SP were coming from a psychological point of view; they do not have a clear notion of culture, and universal knowledge was all about generalizability. The writings of Dr. Salazar, on the other hand, were coming from an anthropological point of view; culture is a key concept, and universal knowledge is found in the individual who is bound to his/her context.

Liwanag: Ibig po ba sabihin, dahil magkaiba ang larangan nina Dr. Enriquez at Dr. Salazar ay naging magkakaiba ang kani-kanilang pananaw sa SP? Ano po ang implikasyon nito para sa SP?

64 SIKOLOHIYANG PILIPINO

Sta. Maria: Yes. Tapos, may nakita akong artikulo na nagsasabi na talagang hindi puwedeng magkaroon ng *mixed methodology* ang *psychology* at *anthropology*, dahil magkakaiba ang tingin nila sa reyalidad ng isang tao. Kaya kahit na gugustuhin natin na magkaroon ng *psychological-anthropological approach*, hindi daw talaga yan puwele. Iyan ang problema ng SP. Batay sa argumento ng nasabing artikulo, *it will never be successful*.

Ruiz: Ano po ang naisip ninyo matapos na aminin ni Dr. Enriquez ang pagiging labis na pagkapolitikal ng SP?

Sta. Maria: Parang *what you will feel when you go into a confession*. Gumaan ang pakikiramdam ko. Hindi na ako nabibigatan. Parang sinabi ni Dr. Enriquez sa akin na “hindi kita kaaway” at “now, I understand you; naiintindihan na kita.” Kahit hindi niya sinabi na “tama ka,” dahil pinatawag niya ako para na ring sinabi niya sa akin na “gusto kong sabihin sa iyo na tama ka.” *But that did not make me happy. It made me pensive.*

Liwanag: Ano po ang naging impact ng inyong disertasyon sa SP?

Sta. Maria: *It is very difficult to say. SP is still being done from a purely psychological perspective. I did argue with people who do this. For example, to somebody who was doing a study on loob, I said: “What are you trying to do? You are doing a measure of loob, but you have not defined it yet?” Pero pinagalitan ako ng isang batikan na sikolohista sa Pilipinas. Ang tinanong ko sa kanya: “Doktor, anong nangyayari dito? Hindi ba dapat tingnan ang loob bilang isang konsepto na antropolohikal, na kultural?” Sagot niya sa akin: “Iba lamang ang perspektibo mo.” Kaya tumahimik na lamang ako, kasi lumalabas ako iyong nagdala ng bagay na totally alien sa usapan. That was the kind of reaction I am getting from my critique.*

Ruiz: Ipinagpapatuloy po ba ninyo ang inyong pagpuna sa SP kung ganoon?

Sta. Maria: Yes. I was made a keynote speaker for a conference on indigenous psychology in Indonesia. In that conference, a group of Filipino psychologists, very young psychologists, probably wanting to enter the Asian cross-cultural psychology field so that they could publish, were doing studies on kapwa consistent with the Japanese studies on *ama-e* or dependency and attachment. But the Japanese scholar said that he discovered that the Americans also have behaviors similar to *amae*, and concluded that *amae* is also found in American culture. I asked: “Do Americans call it *amae*?” He said, “No.” I asked, “Then why do you claim it is in American culture?” The Japanese psychologist could not answer my question. I asked the Filipino researchers: “You are doing a psychological measure of kapwa, what is your

definition of it?" How were you able to measure a concept or construct without having defined that construct first? You are telling me your measure, but you did not tell me first your conceptual definition of it."

Liwanag: Ano po ang nilalaman ng inyong *keynote* sa nasabing komperensya sa Indonesia na may kinalaman sa SP?

Sta. Maria: *I said, that there is a fallacy that is happening in some indigenous psychologies. It is like defining a concept by means of the very concept to be defined. Then, I used the argument of that philosopher to show the fallacy, and reframed the same argument using kapwa concept. So that was the same argument that can be used to illustrate the fallacy in indigenous concepts and the study of indigenous concepts.*

Ruiz: Ano po ang reaksyon ng mga tagapakinig sa inyong *keynote speech*?

Sta. Maria: *It seemed to me that they were nervous. After that, I have not heard about the study. They may have been nervous not because I criticized them, but because they knew what I was referring to. Whatever their projects are, somebody is telling them this is what we should study and this is how we should study it.*

Liwanag: Samakatuwid, mahalaga po ba na sa pagtuturo ng SP ay dapat ungkatin din ang kasaysayan nito at pati na ang ideolohiya nito?

Sta. Maria: Oo. Kaya hindi ako pinapaturo ng SP. Hindi ko alam ha. *Paranoid lamang siguro ako. Pero iba iyong pagtuturo ko eh. Isasama ko iyong criticism eh, isasama ko iyong critique eh, isasama ko iyong mga pinag-aran ko sa Germany. Kasi, you cannot study the personality of a culture; there is no such thing as a Filipino personality. It is empirically a failure. Ayon, isasama ko iyan.*

Kongklusyon

Sa higit limampung taong pananaig ng SP, napakaraming mga dalubhasa at iskolar ang gumawa ng pananaliksik, sinundan ang ideolohiya at iba't ibang pag-aaral ng naturang kilusan. Gayunman samu't saring mga debate at kritika ang umusbong; kasalukuyang wala pa ring resolusyon sa puntong ito. Isa si Sta. Maria na kritikal na sumuri tungo sa pagpapayabong ng larangan at magkaroon ng kontribusyon sa diskurso ng SP. Sa pangwakas na seksyon, matutunghayan ang mga kabatiran ng mga mananaliksik matapos ang naging malalim, makabuluhan, at komprehensibong pakikipanayam kay Sta. Maria.

66 SIKOLOHIYANG PILIPINO

Una, sang-ayon sa nailathalang artikulo ni Sta. Maria na “Is the Indigenization Crisis in Philippine Social Sciences Resolved in Sikolohiyang Pilipino?,”⁹ masasabing hindi naging matagumpay sa antas ng epektibong kooperasyon sa iba pang mga disiplina ang SP, kaya tila naging paralisado sa sarado at sariling pagtingin sa adbokasiya nito. Higit sa lahat, sa pamamagitan ng mga naging mag-aaral ni Enriquez, mas nanaig lamang ang pagpapakalat ng ideohiya ng SP sa halip na magkaroon ng mas matatatag na pananaliksik tungkol dito.

Ikalawa, sanhi ng parehong paglabas at pag-aaral sa bansa upang puspusang ipaglaban nina Enriquez at Sta. Maria ang dalawang magkaibang hangarin. Para kay Enriquez, naging pintuan ang pag-aaral sa Estados Unidos upang mapagtanto ang kahalagahan ng pagiging makabayan, pagmamahal sa sariling wika, at pagtuturo nito sa sikolohiya – samakatuwid, pagwawaksi ng pangingibabaw ng maka-kanlurang kamalayan at pangunahan ang maka-Pilipinong oryentasyon sa pagtuturo at pananaliksik sa sikolohiya. Samantalang ang oportunidad na makapag-aral ni Sta. Maria sa Alemanya ang naging susi upang buksan muli ang ideohiya ng SP at bigyan ng makabuluhang pagsusuri’t pagtingin.

Ikatlo, nakatindig sa magkaibang dahilan at matinding kahingian ang paninindigan ni Sta. Maria at Enriquez. Hiningi ng sitwasyon kay Enriquez ang pagbibigay-halaga sa sariling wika at pagbubuo ng katutubong konsepto (samakatuwid ang pagkakaluwal ng SP) dahil sa pag-usbong ng mga makabayang sanhi ng politikal at panlipunang kalagayan ng Pilipinas. Habang hinubog si Sta. Maria ng edukasyong Aleman para maging kritikal sa mga namamayagpag at matatatag na diskurso tulad ng SP.

Ikaapat, hindi katuwiran ang katagalang o pamamayagpag ng isang usapin upang hindi tablan o makatanggap ng kritisimo. Hindi naging lisensiya ng SP ang mahabang paglalakbay at malawak na propagasyon upang ituring ito bilang disiplina. Kinakailangan ng isang mahalagang aspekto ang isang bagay upang bigyang-konsiderasyon ito bilang disiplina. Higit dito ang pagiging adbokasiya ng SP – na may hangaring tumukoy sa sikolohiyang nakabatay sa totoong kaisipan, at damdaming mula sa katutubong batis, wika, at metodo ng Filipino.

Ikalima, mababatid na may kahalagahan ang kultura sa pag-aaral ng sikolohiya, samantalang matingkad ang papel ng kultura sa kilos at kaisipan ng tao. Para kay Salazar, kailangang mapaloob ang sikolohiya sa kultura, habang napapaloob at mahahalaw ang kultura sa prosesong pang-

⁹ Madelene A. Sta. Maria, “Is the Indigenization Crisis in Philippine Social Sciences Resolved in Sikolohiyang Pilipino?” in *Layag* 1:1 (1996): 101-118.

indibidwal, sa prosesong sikolohiko ayon kay Enriquez.¹⁰ Sa kabuoan, nagbunsod ang pundasyon ng pagkakaiba ng perspektiba nina Salazar at Enriquez dahil sa magkaibang kaisipan ng kani-kaniyang disiplina: "ang pagbibigay-diin ng etnolohiya sa pakahulugan at ang pagbibigay-diin ng sikolohiya sa naoobserbahang pangyayari ... ang pinanghahawakang prinsipyong cultural anthropology, o etnolohiya, ay ang tinaguriang "deep cultural structure" na taliwas sa "general principles of behavior" ng sikolohiya.¹¹ Gayunman, winika ni Sta. Maria na hindi kinakailangang tingnan ang lente ng pagkakaiba ng dalawa sapagkat "maaari makita sa gitna ng oposisyon ito ang tama at totoong paraan." Samakatuwid, sa pag-aaral ng kultura at sikolohiya maisasakatuparan ang sikolohiyang Pilipino, kailangan din ng mahigpit na pagtutulungan ng sikolohiya at etnolohiya. Kinakailangang makabuo ng mga interpretatibong balangkas (mula sa sikolohiya) upang makapagbigay ng mga mapanlahat na proposisyon ukol sa konteksto. Kinakailangan din ng interpretatibong metodolohiya (mula sa etnolohiya) na magpapahintulot sa pagsusuri ng panlipunang ugnayan sa loob ng isang kultural na kapaligiran.¹²

Ikaanim, alinsunod sa inilimbag na sanaysay ni Allen L. Tan na pinamagatang "Values Research in the Philippines," nakitang maaaring maiugnay ang dulong ng Sikolohiyang Pilipino sa mga yugto ng ebolusyon ng teorya ng mga halagahing Pilipino ng tatlong propesor na sina O. J. Harvey, David E. Hunt, at Harold M. Schroder.¹³ Batay sa kanila, naaangkop ang mga yugtong ito maging sa iba pang mga dominyo tulad ng kaunlarang pantao, mga organisasyon, mga nasyon, mga ideya, at mga teorya. Ayon sa kanilang teorya, mayroong apat na natatanging yugto ang development: ang unilateral dependence, ang negative independence, ang true independence, at ang interdependence. Kapag sa usapin ng human development, nakikita ang unang yugto na tinatawag na "unilateral dependence." Ito ang panahon kung saan ang matutunghayan ang kabuoang pagsandig ng sanggol sa kanyang ina. Sa ikalawang yugto o tinatawag ding "negative dependence," masasaksihan ang batang nagsisimulang igit ang kanyang nais sa negatibistikong paraan. Sa ikatlong yugto pumapasok ang "true independence"; dito batid na ng bata ang kanyang naisin at alam niya kung paano makakamit ito. Sa yugtong ito hindi lamang niya hangarin sumalungat o magrebelde sa kanyang mga magulang. Sa ikaapat na yugto na tinatawag ding "interdependence," nasa hustong gulang na ang indibidwal at pantay

¹⁰ Madelene A. Sta. Maria, "Ang Kaisipang Enriquez at Salazar sa Sikolohiya ng Pilipino: Ang Tulisa ng Sikolohiya at Etnolohiya sa Pag-aaral ng Kultura sa Sikolohiya," in *Malay*, 17:1-2 (2003): 71-72.

¹¹ *Ibid.*, 86-87.

¹² *Ibid.*, 87-88.

¹³ Allen Tan, "Values Research in the Philippines," in *Philippine Studies*, 45:4 (1997), 567.

na sa pakikipag-ugnayan sa kanyang mga magulang. Sa aplikasyon ng modelong ito sa ebolusyon ng teorya ng mga halagahing Pilipino, makikitang sumasalamin ang mga pananaliksik ng kilusang SP sa yugto ng “negative independence.” Sangkot sa SP ang kabuoang pagwaksi ng mga Kanluraning teorya at metodo, ngunit hindi pa natatamasa ang tunay na kalayaan sapagkat matutukoy pa rin sa mga kilos ang impluwensiya ng mga mananakop.¹⁴

At higit sa lahat, isinaad na dumating na ang panahon upang tumungo sa ikatlong yugto ng kaunlaran ng panlipunang agham kung saan maaari nang kumilos sa paraang malaya. Hindi lamang pawang pagkopya sa iba o pagsalungat sa unang yugto. Samakatuwid, si Sta. Maria ang nagbukaspinto upang makausad sa ikatlong yugto ng “true independence” kung saan napagtanto ang ilang mga pangangailangan ng larangan ng Sikolohiyang Pilipino at ang mga esensyal na hakbangin upang maisakatuparan ang hangarin nito. Sa kabuoan, ang naging panayam sa kritikal na pananaw ni Sta. Maria ay lubos na matutulungan at mapayayaman ang diskurso sa SP na magsisilbi hindi lamang ang mga mananaliksik hinggil dito, datapwat maging ang mga mag-aaral nito. Hindi layunin ng pag-aaral na maipababa ang antas ng SP; bagkus nananalig na maging daan ang pananaliksik upang pagtuunan ito bilang mahalagang usapin. Sinomang indibidwal, institusyon, o maging tanyag na adbokasiya ay kinakailangang mas mahinog sa kritisismo upang kalaunang mapaunlad ang anomang mithiin, pangarap, at layunin nito.

*Department of History, De La Salle University, Philippines
Department of Filipino, De La Salle University, Philippines*

References

- Enriquez, Virgilio G., *Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Manila: De La Salle University Press, 1994).
- Guillermo, Ramon, “Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw,” on *Kyoto Review of Southeast Asia* (March 2003): <<https://kyotoreview.org/issue-3-nations-and-stories/exposition-critique-and-new-directions-for-pantayong-pananaw/>>.
- Mendoza, Lily, *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities* (Manila: UST Publishing House, 2006).
- Sta. Maria, Madelene A., “Ang Kaisipang Enriquez at Salazar sa Sikolohiya ng Pilipino: Ang Tuligsa ng Sikolohiya at Etnolohiya sa Pag-aaral ng Kultura sa Sikolohiya,” in *Malay*, 17:1-2 (2003)

¹⁴ *Ibid.*, 566-567.

- Sta. Maria, Madelene A., "Is the Indigenization Crisis in Philippine Social Sciences Resolved in Sikolohiyang Pilipino?" in *Layag* 1:1 (1996).
- Tan, Allen L., "Values Research in the Philippines," in *Philippine Studies*, 45:4 (1997).